

Mga Muster Point para sa Emergency na Paglikas

Ang muster point ay isang ligtas na lugar para magtipon kung saan maaaring magtipon ang lahat ng iyong empleyado at iba pang pumapasok sa iyong site ng trabaho kung sakaling magkaroon ng emergency na paglikas.

Ang muster point ay isang ligtas na lugar para magtipon kung saan maaaring magtipon ang lahat ng iyong empleyado at iba pang pumapasok sa iyong site ng trabaho kung sakaling magkaroon ng emergency na paglikas.

Paglikas

Isang magandang unang hakbang ang pagsasagawa ng pag-assess ng panganib!

1. Alamin kung anong mga uri ng emergency ang maaaring mangyari sa iyong lugar ng trabaho na nangangailangan ng paglikas.
2. Tukuyin ang mga panganib na maaaring maranasan sa proseso ng paglikas sa lahat ng pinagtatrabahuhang lugar para dumating sa muster point.
3. Suriin ang panganib: katanggap-tanggap ba ito o kailangan ba ng mga karagdagang aksyon?
4. Ipatupad ang mga hakbang na kinakailangan para alisin o bawasan ang panganib ng pinsala o sakit.

Lokasyon ng Muster Point

Kapag inaalam ang lokasyon ng muster point, mayroong ilang salik na dapat isaalang-alang:

Kakayahang Ma-access at Laki


Magsimula sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga lugar na malapit sa mga emergency exit na sapat ang laki para magkasya ang lahat ng manggagawa para sa iyong kumpanya kasama ang mga customer, bisita at mga contractor. Maaari kayong mangailangan ng maraming muster point para magawa ito.

Mga Panganib na Dapat Iwasan

- Trapiko
- Mga kawad ng kuryente sa ibabaw
- Mga Tangke
- Mga Dead End (huwag ikulong ang sarili ng Gasolina ninyo sa bakuran)
- Mga panganib ng kemikal (isaalang-alang ang direksyon ng hangin sa alternatibong muster point)
- Mga Lane/Area para sa Pang-emergency na Tugon (umalis sa daan ng mga rumeresponde sa emergency)
- Hindi Magandang Komunikasyon (sa pagitan ng maraming muster point at mga rumeresponde sa emergency)

Karatula

Kapag natukoy na ang (mga) muster point, maglagay ng karatula at i-update ang mga mapa sa floor para sa paglikas. Dapat ikabit ang karatula ng muster point sa tamang taas para hindi ito nakatago sa mga naglalakad na tao, o trapiko ng sasakyan, at sapat ang laki para makita sa mga kondisyon na mahina ang ilaw.



Layo mula sa Gusali

Ang muster point ay dapat nasa ligtas na layo mula sa anumang gusali. Ang pinakamagandang kasanayan ay alamin ang taas ng gusali pagkatapos ay i-multiply ng 1,5. Gamitin ang layo na ito bilang minimum na gabay ng layo. Sa isang emergency, maaaring ilayo pa ang muster point gaya ng kinakailangan.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

Mga Muster Point para sa Emergency na Paglikas

Ang muster point ay isang ligtas na lugar para magtipon kung saan maaaring magtipon ang lahat ng iyong empleyado at iba pang pumapasok sa iyong site ng trabaho kung sakaling magkaroon ng emergency na paglikas.

Mga Drill para sa Paglikas

Dapat ibigay ang mga muster point sa oras ng orientation at kasalukuyang isinasagawang pagsasanay. Kailangang masanay ang lahat sa dapat gawin, at kung saan pupunta kung sakaling magkaroon ng emergency na paglikas.

Ang pinakamagandang paraan para malaman kung kailangan ng anumang mga pagbabago ng plano ay magsagawa ng drill para sa emergency na paglikas. Abisuhan nang maaga ang fire department sa lugar para sa gusali kung saan gaganapin ang drill para sa paglikas o emergency nang hindi bababa sa 24 na oras mula sa petsa at oras ng drill. Kapag nagsasagawa ng drill, i-record ang mga sumusunod na impormasyon:

- Petsa at Oras ng Drill
- Habang oras para lumikas sa gusali
- Mga Pangkalahatang Tala
 - » Mga panganib na natukoy
 - » Pagdalo
 - » Komunikasyon sa pagitan ng maraming mga muster point



Batas (Pederal)

[Mga Regulasyon ng Canada sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho, BAHAGI XVII Ligtas na Pag-okupa ng Lugar ng Trabaho](#)

Naghahanap ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM! Ang RPM ay nagbibigay ng maraming kurso para tumulong na suportahan ang iyong OHS plan. Kung naging mahalaga sa iyo o sa iba ang artikulong ito sa iyong organisasyon, baka gustuhin mong pag-isipan ang mga sumusunod:

- [Pagsasanay sa Inspeksyon sa Lugar ng Trabaho](#): Ang kursong ito ay nagbibigay sa mga tao ng pagkakataong ipaliwanag ang mga kinakailangan at ang (mga) layunin ng pag-inspeksyon sa lugar ng trabaho, malaman ang hinahanap mo at kung paano matutukoy ang isang panganib, ang proseso ng dapat gawin kapag may mga nakita sa pag-inspeksyon, at maunawaan ang proseso para sa pagpapatupad ng mga aksyon sa pagwawasto at kung paano susubaybayan at tutukuyin ang mga trend.
- [Pagtukoy sa Panganib at Pagkontrol sa Panganib](#): Ang pag-alam sa makakasakit sa mga manggagawa sa trabaho ay ang unang hakbang para matiyak na mananatili silang ligtas. Ang maagap na pamamaraan sa pagpigil ng mga panganib sa lugar ng trabaho ay lubos na nagpapataas sa posibilidad ng di masyadong matindi at mas mababang bilang ng mga pinsala. Ang kursong ito ay nagbibigay sa mga estudyante ng praktikal na kaalaman na kinakailangan para matukoy, ma-assess at makontrol ang mga mapanganib na elemento ng kanilang lugar ng trabaho para magampanan nila ang kanilang tungkulin sa pag-iwas sa mga mapanganib na insidente.
- [Pag-uulat ng Insidente at Mga Imbestigasyon](#): Ang lugar ng trabaho ay dapat may proseso para iulat ang mga pinsala na may kaugnayan sa lugar ng trabaho, sakit at mapanganib na mga pangyayari. Kapag natanggap na ang mga ulat na ito, dapat mayroon ding proseso para matiyak na makukumpleto ang mga imbestigasyon para maiwasan itong muling mangyari.
- [Mga Fleet Safety Manager](#): Ang tungkulin ng Safety Manager ay magbigay ng pangkalahatang suporta at gabay sa lahat ng bahagi ng organisasyon. Makikipagtulungan sila sa leadership team sa paggawa ng panandalian at pangmatagalang mga estratehiya para bumuo ng kultura ng kaligtasan sa organisasyon.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.